



# GABAY NG INDUSTRIYA PARA SA COVID-19:

## Mga Pinalawak na Serbisyo sa Personal na Pangangalaga

**Hulyo 29, 2020**

*Ang lahat ng patnubay ay dapat ipatupad lamang nang may pag-apruba ng opisyal ng kalusugan ng county kasunod ng kanilang pagsusuri sa mga lokal na data ng epidemiyolohiya kabilang ang mga kaso bawat 100,000 populasyon, antas ng pagiging positibo ng test, at lokal na kahandaan upang suportahan ang pagsirit ng pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, mahihinang populasyon, contact tracing, at testing.*



## PANGKALAHATANG-IDEYA

Noong Marso 19, 2020, naglabas ang Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado at Direktor ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California ng utos na nag-aatas sa karamihan sa mga taga-California na manatili sa bahay upang pigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa maraming tao.

Hindi pa ganap na alam ang epekto ng COVID-19 sa kalusugan ng mga taga-California. Ang mga naiulat na sakit ay puwedeng mula sa napakabanayad (walang sintomas ang ilang tao) hanggang sa malubhang sakit na maaaring magresulta sa pagkamatay. Ang ilang partikular na grupo, kabilang ang mga taong 65 taong gulang o pataas at ang may dati nang malulubhang medikal na kondisyon, tulad ng sakit sa puso o sakit sa baga o diabetes, ay may mas malaking pagkakataong ma-ospital at magkaroon ng malulubhang komplikasyon. Pinakamalaki ang posibilidad ng paghawa kapag ang mga tao ay may malapitang pakikipag-ugnayan o nasa lugar na hindi maayos ang bentilasyon na may kasamang nahawaan na tao, kahit na walang anumang sintomas o hindi pa nagkakaroon ng mga sintomas ang taong iyon.

Sa ngayon, walang tumpak na impormasyon tungkol sa bilang at mga rate ng COVID-19 ayon sa industriya o mga grupo ng trabaho, kabilang ang mga napakahalagang manggagawa sa imprastruktura. Nagkaroon ng maraming paglaganap sa iba't ibang lugar ng trabaho, na nagpapahiwatig na nasa panganib na makakuha o makapagpasa ng COVID-19 ang mga manggagawa. Kasama sa mga halimbawa ng mga lugar ng trabaho na ito ang mga ospital, pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, kulungan, produksyon ng pagkain, warehouse, planta sa pagproseso ng karne, at grocery store.

Habang nagbabago ang mga utos na manatili sa bahay, napakahalagang gawin ang lahat ng posibleng hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng mga manggagawa at publiko.

Ang mga pangunahing kasanayan sa pag-iwas ay kinabibilangan ng:

- ✓ pisikal na pagdistansiya hanggang sa pinakamalalayong posible,
- ✓ paggamit ng mga takip sa mukha ng mga manggagawa (kung saan hindi kinakailangan ang proteksyon sa paghinga) at mga customer/kliyente,
- ✓ madalas na paghuhugas ng kamay at regular na paglilinis at pagdidis-impekta,
- ✓ pagsasanay ng mga manggagawa sa mga nabanggit at iba pang bahagi ng plano sa pag-iwas sa COVID-19.

Bukod pa rito, magiging napakahalaga na magkaroon ng mga naaangkop na proseso upang matukoy ang mga bagong kaso ng pagkakasakit sa mga lugar ng trabaho at, kapag natukoy na, ang mamagitan nang mabilis at makipagtulungan sa mga awtoridad sa kalusugan ng publiko upang mahinto ang pagkalat ng virus.

# LAYUNIN

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng patnubay para sa mga pinalawak na serbisyo sa personal na pangangalaga, na kinabibilangan ng personal na pangangalaga na nangangailangan ng paghawak sa mukha ng kliyente, hal. mga facial, electrolysis, at waxing. Ang patnubay na ito ay naaangkop sa mga serbisyo para sa pagpapaganda, pangangalaga sa balat, cosmetology, electrology, mga serbisyo sa kuko, mga propesyonal sa body art, mga tattoo parlor, at mga piercing shop, at therapy na masahe (sa mga setting na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan). Nakalaan ang patnubay na ito upang suportahan ang isang ligtas at malinis na kapaligiran para sa mga manggagawa at customer. Dapat kilalanin ng mga nagmamay-ari ng lisensya ng negosyo na ang mga nagrerenta o umuupa ay dapat lang ipagpatuloy ang mga operasyon kapag handa na sila at maipapatupad nila ang mga kinakailangang hakbang sa kaligtasan upang matiyak ang kaligtasan nila at ng kanilang mga customer.

Hindi nakalaan ang patnubay na ito na kanselahin or bawiin ang mga karapatan ng sinumang manggagawa, alinman sa pambatas, pangregulatoryo, o batay sa collective bargaining at hindi ito kumpleto, dahil hindi ito naglalaman ng mga utos ng county tungkol sa kalusugan, at hindi rin ito kapalit sa anumang umiiral na pangregulatoryo na kinakailangan na nauugnay sa kaligtasan at kalusugan tulad ng mga iyon ng Cal/OSHA o sa California Board of Barbering and Cosmetology.<sup>1</sup> Manatiling may kaalaman tungkol sa mga pagbabago sa patnubay sa pampublikong kalusugan at mga utos g estado/lokal, habang nagpapatuloy ang COVID-19 na sitwasyon. Ang Cal/OSHA ay may mas kumprehensibong patnubay sa [Cal/OSHA na Mga Pangkalahatang Alituntunin sa Pagprotekta sa Mga Manggagawa mula sa COVID-19 na webpage](#). May karagdagang kinakailangan ang CDC sa kanilang [gabay](#) para sa mga negosyo at employer.

## Kinakailangang Paggamit ng mga Takip sa Mukha

Noong Hunyo 18, naglabas ang CDPH ng [Gabay sa Paggamit ng mga Takip sa Mukha](#), na pangkalahatang iniaatas ang paggamit ng mga takip sa mukha para sa mga miyembro ng publiko at manggagawa sa lahat ng lugar ng publiko at trabaho kung saan may mataas na panganib ng pagkakalantad.

Dapat magsuot ng mga takip sa mukha ang mga nasa California kapag nagtatrabaho sila, sa lugar ng trabaho man o sa labas ng site, kapag:

- Personal na nakikipag-ugnayan sa sinumang miyembro ng publiko;
- Nagtatrabaho sa anumang espasyong binisita ng mga miyembro ng publiko, mayroon mang sinumang mula sa publiko na naroroon sa oras na iyon o wala;
- Nagtatrabaho sa anumang espasyo kung saan naghahanda o nagbabalot ng pagkain para ibenta o ipamahagi sa iba;

- Nagtatrabaho o naglalakad sa mga common area, tulad ng mga pasilyo, hagdanan, elevator, at paradahan;
- Sa anumang silid o saradong lugar kung saan ay may iba pang mga tao (maliban sa mga miyembro ng sariling sambahayan o paninirahan) kapag hindi kaya ang pisikal na distansya; o,
- Nagmamaneho o nagpapatakbo ng anumang pampublikong transportasyon o paratransit na sasakyan, taxi, o sasakyan para sa pribadong serbisyo ng kotse o ride-sharing kapag may mga pasahero. Kapag walang pasahero, mariing inirerekomenda ang mga takip sa mukha.

Makikita sa [gabay](#) ang kumpletong mga detalye, kasama ang lahat ng kinakailangan at pagbubukod sa mga patakarang ito. Mariing hinihikayat ang mga takip sa mukha sa iba pang pagkakataon, at maaaring magpatupad ang mga employer ng mga karagdagang kinakailangan sa takip sa mukha sa pagtupad ng kanilang obligasyong magbigay ng ligtas at malusog na lugar ng trabaho. Nararapat na mabigyan ng mga employer ang mga manggagawa ng mga takip sa mukha o ibalik sa mga manggagawa ang gastos para sa makatuwirang bayad sa pagkuha ng mga ito.

Ang mga employer ay dapat bumuo ng patakaran sa akomodasyon para sa sinumang manggagawa na nakakatugon sa isa sa mga pagbubukod sa pagsusuot ng takip sa mukha. Kung ang isang manggagawa na dapat ay kinakailangang magsuot ng takip sa mukha dahil sa madalas na pakikipag-ugnayan sa iba ay hindi maaaring magsuot ng takip sa mukha dahil sa kondisyong medikal, dapat siyang bigyan ng hindi mahirap gamiting kahalili, tulad ng face shield na may drape na nakalaylay sa ilalim, kung posible, at kung maaari itong gawin sa kabila ng kondisyong medikal.

Dapat alam ng mga negosyong bukas sa publiko ang mga pagbubukod sa pagsusuot ng mga takip sa mukha na nasa [Gabay sa Takip sa Mukha ng CDPH](#) at hindi sila maaaring magbukod ng sinumang miyembro ng publiko para sa hindi pagsusuot ng takip sa mukha kung sumusunod siya sa [gabay](#). Kakailanganin bumuo ang mga negosyo ng mga patakaran para sa pangangasiwa ng mga pagbubukod na ito sa pagitan ng mga customer, kliyente, bisita, at manggagawa.



## Planong Partikular na Lugar ng Trabaho

- Itaguyod ang isang nakasulat, partikular-sa-lugar na plano sa pag-iwas sa COVID-19 sa bawat lokasyon, magsagawa ng isang komprehensibong pagtatasa ng peligro sa lahat ng mga lugar ng trabaho at mga gawain sa trabaho, at magtalaga ng isang tao sa bawat pasilidad upang magpatupad sa plano.
- Isama ang [Gabay sa Takip sa Mukha ng CDPH](#) sa Planong Partikular sa Lugar ng Trabaho at maglagay ng patakaran para sa pangangasiwa ng mga pagbubukod.
- Kilalanin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa lokal na kagawaran ng kalusugan kung saan matatagpuan ang pasilidad para sa paghahatid ng impormasyon tungkol sa mga paglaganap ng COVID-19 sa mga manggagawa o customer.
- Sanayin at kausapin ang mga manggagawa at kinatawan ng manggagawa tungkol sa plano at gawing available ang plano sa mga manggagawa at kanilang mga kinatawan.
- Regular na suriin ang lugar ng trabaho para sa pagsunod sa plano at idokumento at iwasto ang mga matutukoy na pagkukulang.
- Siyasatin ang anumang kaso ng COVID-19 at alamin kung may anumang salik na may kaugnayan sa trabaho na maaaring nakatulong sa pagkakaroon ng sakit. I-update ang plano kung kinakailangan upang makaiwas sa higit pang kaso.
- Ipatupad ang mga kinakailangang proseso at protokol kapag may paglaganap sa isang lugar ng trabaho, alinsunod sa [Mga patnubay ng CDPH](#).
- Tukuyin ang mga malapitan na pakikipag-ugnayan (nasa loob ng anim na talampakan sa loob ng 15 minuto o mas matagal pa) ng isang nahawaang manggagawa at gumawa ng mga hakbang upang ibukod ang (mga) manggagawang nagpositibo sa COVID-19 at mga malapitan na nakaugnayan.
- Sumunod sa mga patnubay sa ibaba. Kapag hindi ito nagawa, maaaring may mga magkasakit sa lugar ng trabaho na maaaring maging sanhi ng pansamantalang pagsasara o pagiging limitado ng pagpapatakbo.



## Mga Paksa para sa Pagsasanay sa Manggagawa

- Impormasyon tungkol sa [COVID-19](#), kung paano pigilan ang pagkalat nito, at kung aling mga dati nang kondisyon sa kalusugan ang posibleng dahilan upang mas madaling mahawa ng virus ang mga indibidwal.
- Pag-screen sa sarili sa bahay, kasama ang pagsusuri ng temperatura at/o sintomas gamit ang [Mga patnubay ng CDC](#).
- Ang kahalagahan ng hindi pagpasok sa trabaho:
  - Kung may mga sintomas ng COVID-19 ang isang manggagawa gaya ng [inilarawan ng CDC](#), tulad ng lagnat o panginginig, pag-ubo, pagiging hirap sa paghinga, pagkapagod, pananakit ng kalamnan o katawan, pananakit ng ulo, bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, namamagang lalamunan, baradong ilong o tumutulong sipon, pagduruwal, pagsusuka, o pagtatae, O
  - Kung na-diagnose na may COVID-19 ang isang manggagawa at hindi pa siya pinapalabas sa isolation, O
  - Kung, sa loob ng nakalipas na 14 na araw, nakisalamuha ang isang manggagawa sa isang taong na-diagnose na may COVID-19 at itinuturing siyang potensyal na makakahawa (ibig sabihin, nasa isolation pa rin).
- Bumalik sa trabaho pagkatapos makatanggap ang manggagawa ng diagnosis na may COVID-19 kung 10 araw na ang lumipas mula noong unang lumabas ang mga sintomas, maayos na ang kanilang mga sintomas, at hindi nilagnat ang manggagawa sa loob ng nakalipas na 72 oras (nang hindi gumagamit ng mga gamot para sa lagnat). Makakabalik lang sa trabaho ang isang manggagawang na-diagnose na may COVID-19 na walang sintomas kung 10 araw na ang lumipas mula noong petsa ng unang nagpositibong pagsusuri sa COVID-19.
- Humingi ng medikal na atensyon kung lumubha ang kanyang mga sintomas, kasama na ang tuluy-tuloy na pananakit o presyon sa dibdib, pagkalito, o pagiging asul ng labi o mukha. May mga update at karagdagang detalye sa [webpage ng CDC](#).
- Ang kahalagahan ng madalas na paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig, kasama ang pagkuskos ng sabon sa loob ng 20 segundo (o paggamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol (mas mainam) o 70% isopropanol (kung hindi magagamit ng mga batang walang patnubay ang produkto) kapag hindi makakapaghugas ng kamay ang mga manggagawa, alinsunod sa [Mga patnubay ng CDC](#)).
- Ang kahalagahan ng pisikal na pagdistansiya, sa oras ng trabaho at sa labas ng oras ng trabaho (tingnan ang seksyon ng Pisikal na Pagdistansiya sa ibaba).

- Wastong paggamit ng mga takip sa mukha, kabilang ang:
  - Hindi pinoprotektahan ng mga takip sa mukha ang may suot at hindi personal protective equipment (PPE) ang mga ito.
  - Makakatulong ang mga takip sa mukha na protektahan ang mga taong malapit sa may suot, ngunit hindi pinapalitan nito ang pangangailangan para sa pisikal na pagdistansiya at madalas na paghuhugas ng kamay.
  - Dapat takpan ng mga takip sa mukha ang ilong at bibig.
  - Dapat maghugas o mag-sanitize ng mga kamay ang mga manggagawa bago at pagkatapos gumamit o magsaayos ng mga takip sa mukha.
  - Iwasang humawak sa mga mata, ilong, at bibig.
  - Hindi dapat ipahiram sa iba ang mga takip sa mukha at dapat labhan o itapon ang mga ito pagkatapos ng bawat shift.
- Impormasyong nasa [Patnubay ng CDPH para sa Paggamit ng mga Takip sa Mukha](#), na ipinag-uutos ang mga sitwasyon kung saan dapat magsuot ng mga takip sa mukha at ang mga pagbubukod, pati na rin ang anumang patakaran, panuntunan sa trabaho, at kasanayang ipinatupad ng employer upang matiyak ang paggamit ng mga takip sa mukha. Kasama rin dapat sa pagsasanay ang mga patakaran ng employer tungkol sa kung paano pangangasiwaan ang mga taong nakabukod sa pagsusuot ng takip sa mukha.
- Tiyaking maayos na sinanay sa mga patakaran sa pag-iwas sa COVID-19 at may kinakailangang supply at PPE ang sinumang hiwalay na kontratista at pansamantala o nakakontratang manggagawa sa pasilidad. Maagang pag-usapan ang mga responsibilidad na ito kasama ng mga organisasyong nagbibigay ng mga pansamantala at/o nakakontratang manggagawa.
- Impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa bayad na pagliban sa trabaho na maaaring kwalipikadong matanggap ng manggagawa para gawing mas magaan sa bulsa ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon [tungkol sa mga programa ng pamahalaan na sumusuporta sa pagliban kapag may sakit at kabayaran ng manggagawa para sa COVID-19](#), kasama na ang mga karapatan ng mga manggagawa na lumiban kapag may sakit sa ilalim ng [Batas sa Tugon sa Coronavirus ng Pamilya Muna](#) at mga karapatan ng mga manggagawa sa mga benepisyo ng kabayaran ng mga manggagawa at pagpapalagay ng kaugnayan sa trabaho ng COVID-19 alinsunod sa [Ehekutibong Kautusan ng Gobernador N-62-20](#) habang may bisa ang Order na iyon.





## Mga Indibidwal na Hakbang sa Pagkontrol at Pag-screen

- Magbigay ng mga screening ng temperatura at/o mga sintomas para sa lahat ng mga manggagawa sa simula ng kanilang shift at sinumang mga nagtitinda o mga kontratista na pumapasok sa establisimiento. Tiyaking iniwasan ng screener ng temperatura/sintomas ang malapit na pakikisalamuha sa mga manggagawa hangga't maaari.
- Kung nangangailangan ng screening sa sarili sa bahay, na isang naaangkop na alternatibo sa pagbibigay nito sa establisamiyento, tiyaking nagsagawa ng screening bago umalis sa bahay ang manggagawa para sa kanilang shift at sumusunod ito sa mga [patnubay ng CDC](#), tulad ng inilalarawan sa seksyong Mga Paksa para sa Pagsasanay sa Manggagawa sa itaas.
- Hikayatin ang mga manggagawa at customer na may sakit o nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 na manatili sa bahay.
- Dapat ibigay at tiyakin ng mga tagapag-empleyo na gagamitin ng mga manggagawa ang lahat ng kinakailangang kagamitang pang-proteksyon, kasama na ang proteksyon sa mata, mga guwantes, at mga face shield kung kinakailangan.
- Dapat pag-isipan ng mga employer kung saan maaaring kapaki-pakinabang ang paggamit ng disposable glove upang suportahan ang madalas na paghuhugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer; kabilang sa mga halimbawa ang mga manggagawang nagi-screen ng iba para sa mga sintomas o nangangasiwa ng mga bagay na madalas hawakan. Ang mga manggagawa ay dapat magsuot ng guwantes kapag hahawak ng mga bagay na kontaminado ng mga likido sa katawan.
- Dapat suotin ang mga maitatapon na guwantes para sa mga serbisyong nangangailangan ng mga ito. Ang pagsusuot ng mga guwantes ay dapat gawin kasabay ng regular na paghuhugas ng kamay at hindi kapalit ng regular na paghuhugas ng kamay.
- Makipag-ugnayan sa mga customer bago ang mga pagbisita upang makumpirma ang mga appointment at tanungin kung sila o ang isang tao sa kanilang sambahayan ay nagpapakita ng anumang mga sintomas ng COVID-19. Kung sumasang-ayon ang customer, muling i-skedyul ang appointment. Ang nasabing komunikasyon ay maaaring gawin sa pamamagitan ng telepono, app, email, o text upang paalalahanan ang mga customer na dapat lang silang pumunta sa pasilidad para sa kanilang appointment kung hindi sila magdudulot ng panganib sa kalusugan ng ibang customer o manggagawa. Upang maipatupad ang mga protokol sa paunang pagsusuri at matiyak ang mga protokol sa



pisikal na pagdistansya, isaalang-alang ang pagsuspende ng mga walk-in na appointment.

- Sabihin sa mga customer na walang karagdagang kaibigan o kapamilya ang papayagan sa pasilidad, maliban sa isang magulang o tagapag-alagang kasama ng isang menor de edad.
- Dapat suriin ang temperatura at/o sintomas ng mga customer sa pagdating. Maging handa na kanselahin o i-reschedule ang mga customer na nagpapahiwatig na mayroon silang anumang mga palatandaan ng sakit.
- Magpakita ng hanay ng mga alituntunin para sa mga customer na magiging kundisyon ng pagpasok. Ang mga patnubay ay dapat na kabilangan ng mga tagubilin na magsuot ng mga pantakip ng mukha, gumamit ng hand sanitizer, panatilihin ang pisikal na distansya mula sa iba pang mga customer, at dapat nilang talakayin ang mga pagbabago sa mga inihahandog na serbisyo. Ang mga alituntunin ay dapat na mai-post sa malinaw na nakikita na mga lokasyon, kabilang ang mga pasukan, na may kasamang mga pictogram, at available nang digital (hal. sa pamamagitan ng email).



## Mga Protokol sa Paglilinis at Pagdis-impekta


- Tiyaking nakipag-tugma at nagtakda ng plano ang mga katrabaho, kapwa nangungupahan, nagrerenta ng booth, at/o tauhan para sa paglilinis at pagdidisimpekta sa simula at katapusan ng bawat shift at sa pagitan ng mga customer. Magsagawa ng masusing paglilinis sa mga lugar na maraming tao, tulad ng mga lugar ng tanggapan, at mga lugar ng pasukan at labasan kabilang ang mga hagdan, hagdanan, at mga hawakan.
- Madalas na magdis-impekta ng karaniwang ginagamit na mga bahagi kasama ang mga terminal ng credit card, counter, lugar na upuan sa tanggapan, mga hawakan ng pinto, mga switch ng ilaw, mga telepono, mga banyo, at mga kagamitan sa paghugas ng kamay.
- Suriin ang mga umiiral na protokol sa kalinisan at sanitasyon at mga proseso ng paglilinis at i-update kung kinakailangan. Gumamit ng mga produkto na pang-ospital na kalidad at [naaprubahan ng Environmental Protection Agency \(EPA\)](#) upang linisin at disimpektahin ang anumang bagay na nahawakan ng kliyente, kasama na ang mga lamesa para sa treatment, face cradle, bangkito, bolster, hawakan ng pinto, side table, upuan, atbp. Sundin ang mga rekomendasyon ng tagagawa ng produkto para sa oras ng paglalapat. Gumamit ng mga disinfectant na may label na epektibo laban sa mga bagong virus na pathogen, na-dilute na household bleach solution (5 tablespoon bawat galon ng tubig), o alkohol na solution na may hindi bababa sa 70% alkohol na naaangkop para sa

ibabaw. Bigyan ang mga manggagawa ng pagsasanay sa mga panganib ng kemikal, mga direksyon ng tagagawa para sa paggamit, mga kinakailangan sa bentilasyon, at mga kinakailangan ng Cal/OSHA para ligtas na paggamit. Ang mga manggagawa na gumagamit ng mga panlinis o disinfectant ay dapat magsuot ng guwantes at iba pang pamprotektang kagamitan kung hinihingi ng produkto. Sundin ang [mga paraan ng paglilinis na mas ligtas para sa hika](#) na inirerekomenda ng California Department of Public Health at tiyakin ang angkop na bentilasyon.

- Dahil hindi madaling madisimpekta ang mga ibabaw na maraming maliliit na butas tulad ng mga upuan, isaalang-alang na takpan ito ng plastik o maitatapon na sapin at linisin o itapon ang sapin pagkatapos ng bawat customer.
- Dapat disimpektahin nang maayos ang lahat ng mga kagamitan sa istasyon ng trabaho at sa kwarto para sa treatment sa pagitan ng bawat customer.
  - Para sa mga kasangkapan na walang malilit na butas, tulad ng mga tiyani o gunting, linisin ang bagay gamit ang tubig na mainit at may sabon upang maalis ang anumang pisikal na dumi. Banlawan at ganap na patuyuin ang kasangkapan. Sundan ito ng paglulubog sa kasangkapan sa isang likidong disimpektante na nakarehistro sa EPA na may tatak na bactericide, fungicide, at virucide sa loob ng buong oras ng paglalapat ayon sa nakasaad sa mga direksyon ng tagagawa. Dapat alisin ang mga bagay sa pagtatapos ng oras ng paglalapat, banlawan, at patuyuin gamit ang malinis na paper towel.
  - Para sa mga de-kuryenteng kasangkapan tulad ng mga magnifying LED na ilaw, hot towel warmer, at aparatong pampaganda, linisin ang kasangkapan sa pamamagitan ng spray o pangpunas upang maalis ang anumang pisikal na dumi. Sundan ito ng disimpektante na spray o pangpunas na nakarehistro sa EPA sa loob ng buong oras ng paglalapat ayon sa nakasaad sa mga direksyon ng tagagawa. Magingat kapag gumagamit ng spray at tiyaking hindi nakasaksak ang iyong aparato at huwag mag-spray sa motor. Para sa elektronika tulad ng mga tablet, touch screen, keyboard, remote control, at ATM machine, alisin ang nakikitang kontaminasyon kung mayroon. Sundin ang mga tagubilin ng tagagawa para sa lahat ng produktong panlinis at pagdidisimpekta. Isaalang-alang ang paggamit ng mga napupunasang takip para sa elektronika. Kung walang magagamit na patnubay ng tagagawa, isaalang-alang ang paggamit ng mga pangpunas o spray na gawa sa alkohol na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol upang disimpektahin ang mga touch screen. Patuyuin nang mabuti ang mga ibabaw upang maiwasan ang paglalawa ng mga likido.

- Upang mabawasan ang panganib ng pagkakaroon ng [sakit na Legionnaires'](#) at iba pang sakit na nauugnay sa tubig, [magsagawa ng mga hakbang](#) upang matiyak na ligtas na gamitin ang lahat ng sistema at feature ng tubig pagkatapos ng matagal na pagsasara ng pasilidad.
- Kapag gumagamit ng mga kagamitan sa kama, kahit na hindi ito tinulugan ng customer, dapat pa ring alisin ang mga kagamitan sa kama at disimpektahin ang kama o lamesa nang maayos. Ang mga lamesa para sa treatment ay dapat takpan ng alinman sa malinis na papel para sa treatment na lamesa, isang malinis na tuwalya, o isang malinis na papel pagkatapos ng bawat paggamit.
- Dapat magsuot ng mga maitatapon na guwantes ang mga manggagawa kapag nag-tatanggal ng mga ginamit na kagamitan sa kama, tuwalya, at iba pang pantakip, kasama na ang mga kumot at pantakip ng kliyente para sa bawat treatment. Huwag pagpagin ang maruming labahan. Ilagay ang mga ginamit na kagamitan sa kama sa isang may sapin at may takip na lalagyan na nakaposisyon sa labas ng espasyo para sa treatment, kung maaari, upang mabawasan ang posibilidad ng pagkalat ng virus sa hangin. Hindi dapat gamitin ulit ang maruruming kagamitan sa kama hanggang sa maayos na malabhan alinman sa pamamagitan ng isang komersyal na serbisyo sa paglalaba o proseso ng paglalaba na kinabibilangan ng paglulubog sa tubig na hindi bababa sa 160 degree Fahrenheit nang hindi bababa sa 25 minuto. Itabi ang lahat ng malinis na mga tela sa isang malinis, may-takip na lugar.
- Kung posible, huwag maglinis ng mga sahig sa pamamagitan ng pagwawalis o iba pang pamamaraang maaaring magpakalat ng mga pathogen sa hangin. Gumamit ng vacuum na may HEPA filter hangga't maaari.
- Dapat isaalang-alang ng mga manggagawa na palitan ang sarili nilang mga damit pagkatapos ng bawat customer o magsuot ng mga scrub o malinis, malalabhan, o maitatapon na smock, kung mayroon.
- Isaalang-alang ang pag-aalis ng mga bagay (hal., mga unan sa upuan, upuan na nakabalot sa tela, kutson ng upuan) na may mga ibabaw na hindi malilinis nang maayos. Maglagay ng upuang may matigas na ibabaw at walang maliliit na butas o malaking basket na may matigas na ibabaw o gawa sa plastik kung saan mailalagay ng mga kliyente ang kanilang mga damit.
- Dapat alisin sa mga lugar ng pagtanggap ang mga amenidad, kasama na ang mga magazine, aklat ng sining, istasyon ng kape, tubig, self-serve na istasyon (maliban kung walang pipindutin), at iba pang mga bagay para sa mga customer, upang makatutulong sa pagbawas ng mga puntong hinahawakan at mga interaksyon ng customer. Huwag pahintulutan ang mga pagkain o inumin sa mga istasyon o sa mga kwarto para sa treatment.

- Linising mabuti ang anumang mga lugar na pinaglalagyan ng produkto, kabilang ang lahat ng mga lalagyan sa istante at display case. Alisin at itapon ang anumang bukas na mga produktong “pangsuri” at itigil ang kasanayang ito upang makatulong sa pagbawas ng kontaminasyon. Magdagdag ng karatula sa lugar na ito upang ipaalam sa mga customer na nalinis at dinidisimpekta ito araw-araw.
- Hikayatin ang paggamit ng mga credit card at mga walang kontak na sistema ng pagbabayad. Kung hindi posible ang pagbabayad nang elektroniko o card, ang mga customer ay dapat na may eksaktong pera o tsekeng pambayad.
- Isaalang-alang ang pag-upgrade sa mga walang hawakang gripo, sabon at dispenser ng papel na tuwalya, at pagdaragdag ng hindi hanahawakan, awtomatikong mga dispenser ng sanitizer ng kamay. Tiyaking regular na pinupuno ang mga dispenser ng sabon at dispenser ng paper towel.
- Lagyan ang mga lugar ng tanggapan at mga workstation ng naaangkop na mga produkto sa kalinisan, kabilang ang mga hand sanitizer at mga panglinis na pamunas.
- Maglaan ng oras upang maisagawa ng mga manggagawa ang mga kasanayan sa paglilinis sa panahon ng kanilang shift. Dapat italaga ang mga tungkulin sa paglilinis sa oras ng pagtatrabaho bilang bahagi ng mga tungkulin sa trabaho ng manggagawa.
- Dapat iwasan ng mga manggagawa ang paghihiraman ng mga telepono, tablet, laptop, lamesa, panulat, at iba pang gamit sa trabaho, kapag posible. Huwag kailanman magbahaginan ng PPE.
- Itigil ang paggamit ng kagamitan sa pagbabahagi ng pagkain at inumin sa mga silid-pahingahan (kabilang ang mga pinagbabahaginanang mga brewer ng kape).
- Isaalang-alang ang pagbubukas ng mga bintana ng kwarto para sa treatment, kung posible at ayon sa mga protokol ng seguridad. Pag-isipang magkabit ng mga portable high-efficiency air cleaner, i-upgrade ang mga air filter ng gusali sa pinakamataas na efficiency na maaari, at gumawa ng iba pang pagbabago upang maparami ang pumapasok na hanging galing sa labas at bentilasyon sa lahat ng lugar ng trabaho.
- Bilang karagdagan sa mga protokol sa paglilinis at pagdidisimpekta sa itaas, dapat sumunod ang mga negosyong may kinalaman sa cosmetology, panggugupit, at electrology sa mga umiiral na [panuntunan ng California Board of Barbering and Cosmetology](#). Posible ring naaangkop ang mga karagdagang panuntunan sa mga negosyo sa lokal at county na antas.



## Mga Patnubay sa Pisikal na Pagdistansiya

- Magpatupad ng mga hakbang upang matiyak ang pisikal na pagdistansyang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan at kalagitnaan ng mga manggagawa at customer, maliban habang ibinibigay ang mga serbisyong nangangailangan ng malapitan na pagkontak. Puwedeng kasama rito ang paggamit ng mga pisikal na partiyon o makikitang palatandaan (hal., mga marka sa sahig, may kulay na tape, o karatulang nagsasaad kung saan dapat tumayo ang mga manggagawa at/o customer).
- Magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang pisikal na distansya sa pagitan ng bawat lugar ng istasyon ng trabaho, at/o gumamit ng mga hindi nalulusutang harang sa pagitan ng mga istasyon ng trabaho upang maprotektahan ang mga customer mula sa isa't isa at sa mga manggagawa.
- Gawing salitan ang mga appointment upang mabawasan ang pagsisikip sa pagtanggap at matiyak ang sapat na oras para sa wastong paglilinis at pagdidisimpekta sa pagitan ng bawat pagbisita ng customer. Isaalang-alang ang pagseserbisyo sa mas kaunting customer bawat araw o ang pagpapalawig ng mga oras ng operasyon para pahintulutan ang mas maraming oras sa pagitan ng mga customer at ang pagsuspende sa mga walk-in na appointment.
- Kung maari, ipatupad ang virtual na teknolohiya sa pag-check-in upang matiyak na ang mga manggagawa ay naabisuhan kapag dumarating ang isang customer. Hilingin sa mga customer na maghintay sa labas o sa kanilang mga kotse sa halip na magtipon-tipon sa mga lugar ng pagtanggap. Isang customer lang ang dapat nasa mga lugar ng pagtanggap sa isang pagkakataon o dapat baguhin ang lugar upang masuportahan ang sapat na pisikal na pagdistansya, kasama na ang pag-aalis ng mga upuan at sopa o pagdaragdag ng espasyo sa pagitan ng mga ito.
- Magsagawa ng mga hakbang sa mesa ng tanggapan o iba pang mga lugar kung saan hindi mapapanatili ang pisikal na distansya upang mabawasan ang pagkakalantad sa pagitan ng mga manggagawa at customer, tulad ng Plexiglas o iba pang mga hadlang.
- Isaalang-alang ang pag-alok ng mga opsyon sa mga manggagawa na humihiling ng mga pagbabago sa tungkulin na makakabawas ng kanilang pakikipag-ugnayan sa mga customer at iba pang mga manggagawa (hal., pamamahala ng imbentaryo o pamamahala ng mga pangangailangang pang-administratibo sa pamamagitan ng telepono).
- Atasan ang mga manggagawa na iwasan ang mga kamayan, fist bump, yakapan, o mga katulad na pagbati na sumuway sa pisikal na distansya.

- Bawalan ang mga manggagawa sa pagtitipon sa mga matataong lugar, tulad ng mga banyo, pasilyo, o mga terminal ng credit card.
- Isara ang mga breakroom, gumamit ng mga hadlang, o dagdagan ang distansya sa pagitan ng mga mesa/upuan upang mapaghiwa-hiwalay ang mga manggagawa at pigilan ang pagtitipon sa mga break. Kung maaari, gumawa ng mga break area sa labas na may mga silong at mauupuan na nagtitiyak sa pisikal na distansiya.
- Ayusin ang anumang mga pulong ng kawani upang matiyak ang pisikal na distansya. Magsagawa ng mga pagpupulong sa telepono o sa pamamagitan ng webinar para sa mga manggagawa hangga't maaari.



## Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang para sa Mga Serbisyo para sa Pagpapaganda, Pangangalaga sa Balat, at Cosmetology

- Ang mga manggagawa ay dapat magsuot ng face shield para sa proteksyon sa mata (na may kasamang pantakip sa mukha) kapag nagbibigay sila ng treatment sa mga kliyente sa mga bahagi ng mukha o leeg kapag ang mga kliyente ay hindi makapagsuot ng pantakip sa mukha.
- Dapat isuot ang mga maitatapon na guwantes sa buong tagal ng serbisyo para sa pagpapaganda at habang nagsasagawa ng paglilinis at pagdidisimpekta ng lahat ng kasangkapan at ibabaw pagkatapos ng bawat sesyon ng kliyente.
- Bago umalis sa kwarto para sa treatment, alisin at itapon ang mga guwantes, maglapat ng wastong hand sanitizer o hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig, at gumamit ng naihanda na maitatapon na harang, tulad ng paper towel o sanitizer na pangpunas, upang buksan at isara ang pinto ng kwarto para sa treatment habang lumalabas sa kwarto.
- Ang mga minsanang gamit na applicator ay dapat gamitin at itapon kaagad pagkatapos gamitin sa isang basurahan na may sapin. Dapat ay may takip ang basurahan at dapat mayroong maitatapon na plastic bag na sapin.



## Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang para sa Mga Serbisyo para sa Electrology

- Kailangang gumamit ng mga electrologist ng mga maitatapon na guwantes sa kabuuang treatment ng kliyente. Ang mga electrologist ay dapat magsuot ng face shield para sa proteksyon sa mata (na may

kasamang pantakip sa mukha) kapag nagbibigay sila ng treatment sa mga kliyente sa mga bahagi ng mukha o leeg kapag ang mga kliyente ay hindi makapagsuot ng pantakip sa mukha.

- Ang mga kliyenteng nagpapa-treat ng anupamang bahagi ay dapat atasang magsuot ng pantakip sa mukha sa kabuuan ng serbisyo, kung makapagsuot siya nito alinsunod sa [CDPH Gabay para sa Pantakip sa Mukha](#).
- Dapat linisin at i-sterilize nang maayos ang mga takip ng lagayan ng mga tiyani, roller, at karayom sa pagitan ng bawat kliyente. Posibleng kasama rito ang paggamit ng isang autoclave o paglalagay ng mga bagay sa isang selyadong pouch at i-sterilize ang mga ito sa isang sterilizer na gumagamit ng dry heat. Hindi dapat buksan ulit ang pouch hanggang sa magsimula ang sesyon ng treatment ng susunod na kliyente.
- Kung posible, gumamit ng mga maitatapon na probe na hindi nangangailangan ng probe tip o cap, na makababawas sa mga punto ng pagkakalantad. Kung hindi gumagamit ng mga maitatapon na probe tip o cap, dapat linisin at disimpektahin ang natatanggal na tip o cap ng karayom ng epilator/lagayan ng probe pagkatapos ng bawat kliyente.
- Ang mga karayom na ginagamit para sa electrolysis ay dapat minsanang gamit, maitatapon, naunang nakabalot, at sterile at dapat itong itapon kaagad sa isang inaprubahang lalagayan ng matutulis na bagay pagkatapos gamitin. Dapat itapon ang mga lalagayan ng matutulis na bagay alinsunod sa regulasyon sa biomedical na basura.
- Ang init na ginagawa ng kuryente na dumaraan sa isang karayom ng electrolysis ay hindi sapat upang mai-sterilize ito.
- Ang mga ultrasonic na yunit ng paglilinis, forceps, at lahat ng lalagayan, kasama na ang mga natatanggal na bahagi ng mga ito, ay dapat linisin at disimpektahin sa pagitan ng bawat kliyente alinsunod sa mga tagubilin ng tagagawa.



## Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang para sa Mga Serbisyo sa Kuko

- Hilingin sa mga kliyente na hugasan ang kanilang mga kamay bago maibigay ang mga serbisyo sa kuko.
- Dapat magsuot ang mga manggagawa ng mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras, o ng isang respirator kung kinakailangan. Kinakailangan ang mga respirator kapag hindi sapat ang bentilasyon upang mabawasan ang pagkakalantad sa mas mababa sa mga pinapahintulutang limitasyon ng pagkakalantad na itinakda sa titulo 8 [seksyon 5155](#). Sa mga kaso ng pagkakalantad sa kemikal, ang mga elastomeric respirator lang



na may tamang cartridge para sa kemikal na sinamahan ng isang filter ng particulate ang naaangkop na gamitin.

- Dapat isuot ang mga maitatapon na guwantes sa buong tagal ng serbisyo at habang nagsasagawa ng paglilinis at pagdidisimpeka ng lahat ng kasangkapan at ibabaw pagkatapos ng bawat kliyente. Kapag natapos na ang paglilinis, alisin at itapon ang mga guwantes at maglapat ng wastong hand sanitizer o hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig.
- Dapat disimpektahin ang mga pedicure bowl gamit ang isang likidong disimpektante na nakarehistro sa EPA na may tatak na bactericide, fungicide, at virucide. Sumangguni sa mga tagubilin ng tagagawa tungkol sa konsentrasyon. Para sa mga whirlpool na foot spa, air-jet basin, o pipeless foot spa, dapat paikutin ang disimpektante sa loob ng hindi bababa sa 10 minuto. Para sa mga hindi whirlpool na foot basin at tub, ibabad ang disimpektante sa basin o tub sa loob ng hindi bababa sa 10 minuto. Ang mga foot-spa, basin, at pedicure bowl ay dapat linisin at disimpektahin nang maayos pagkatapos ng bawat kliyente kahit na gumamit ng maitatapon na plastik na sapin.
- Dapat gumamit ang mga nail salon ng mga maitatapon na gamit hangga't maaari. Dapat ay ganap na disimpektahin ang mga gamit na hindi maitatapon sa pagitan ng mga customer alinsunod sa mga alituntunin ng California Board of Barbering and Cosmetology.
- Ang lahat ng minsanang gamit na bagay, tulad ng mga cardboard file, sand-band para sa mga drill at buffer, maitatapon na sandalyas, toe separator, at applicator, ay dapat gamitin nang isang beses lamang at itapon kaagad sa basurahan na may sapin at takip.
- Upang mabawasan ang bilang ng mga puntong hinahawakan, alisin ang mga display ng nail polish. Sa halip ng display ng nail polish, gumamit ng paleta ng kulay, na dapat linisin at disimpektahin pagkatapos ng bawat paggamit ng kliyente. Kung hindi aalisin ang display ng nail polish, dapat linisin at disimpektahin ang mga nail polish bago ibalik sa display.
- Isaalang-alang kung posibleng mag-kabit ng plastik na partiyon sa pagitan ng manggagawa at kliyente na may sapat na laking butas kung saan puwedeng ipasok ang mga kamay o paa upang maisagawa ang manicure o pedicure.
- Isang manikurista lang ang dapat magtrabaho sa bawat istasyon at huwag payagan ang mga kliyenteng mabigyan ng maramihang serbisyo nang sabay-sabay, gaya ng manicure at pedicure.
- Kung gumagamit ng mga bentilador sa salon, gaya ng mga pedestal o hard-mounted na bentilador, magsagawa ng mga hakbang upang maiwasan ang direktang pagbuga ng hangin mula sa mga bentilador mula sa isang tao papunta sa isa pang tao. Kung hindi nakasaksak o inalis

ang mga bentilador, dapat tandaan ng mga tagapag-empleyo ang mga posibleng panganib ng init at gumawa ng mga hakbang upang mapawi ang mga ito.

- Dapat isaalang-alang ng mga nail salon ang pag-upgrade sa umiiral na bentilasyon upang isama ang mga lokal na pinapahanginang lamesa para sa kuko.



## Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang para sa mga Propesyonal sa Body Art, Tattoo Parlor, at Piercing Shop

- Kinakailangan ang mga maitatapon na guwantes sa buong tagal ng serbisyo ng pag-tattoo o piercing at habang nagsasagawa ng paglilinis at pagdidisimpekta ng lahat ng kasangkapan at ibabaw pagkatapos ng bawat sesyon ng customer.
- Dapat tiyakin ng mga manggagawa na huhugasan nila nang mabuti ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig o gagamit kaagad ng hand sanitizer bago magsuot at pagkatapos alisin ang mga guwantes.
- Suspindihin ang mga serbisyo ng piercing at pag-tattoo para sa bahagi ng bibig/ilong.
- Dapat isaayos ang mga upuan upang matiyak ang hindi bababa sa anim na talampakang espasyo sa pagitan ng mga customer. Dapat isaalang-alang ng mga negosyo ang mga karagdagang divider shield o iba pang hindi nalulusutang harang kung naaangkop.
- Ang mga manggagawa ay dapat magbigay ng mga serbisyo ng pag-tattoo o piercing para sa iisang customer lang sa bawat pagkakataon.



## Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang para sa mga Serbisyo ng Masahe (Mga Setting na Hindi Para sa Pangangalagang Pangkalusugan)

- Hilingin sa mga kliyenteng hugasan ang kanilang mga kamay bago mabigyan ng anumang serbisyo.
- Isaalang-alang ang mga pagbabago sa setup ng lamesa para sa treatment upang suportahan ang mga kinakailangang protokol sa paglilinis at pagdidisimpekta. Maaaring kabilang dito ang paggamit ng mga maitatapon na takip ng face cradle at/o pagprotekta sa lamesa, mga warmer ng lamesa, bolster, at iba pang bagay gamit ang mga

malalabhang harang tulad ng mga punda ng unan na puwedeng alisin at palitan sa pagitan ng bawat kliyente. Ang mga harang ay hindi pamalit para sa kinakailangang protokol sa paglilinis at pagdidisimpekta.

- Suriin kung mag-aalok ng mga facial na masahe o iba pang gawain sa mukha gamit ang kamay. Kung magbibigay ng mga nasabing serbisyo, gumamit ng mga guwantes na hindi latex para sa bahaging ito ng treatment. Hindi dapat magsagawang mga facial na masahe kung nangangailangan ito ng pag-aalis ng pantakip sa mukha ng kliyente.
- Ibigay ang anumang treatment sa kamay bilang panghuling bahagi ng serbisyo.
- Dapat hugasan kaagad ng mga manggagawa ang kanilang mga kamay sa pagtatapos ng mga serbisyo ng masahe.

---

<sup>1</sup> Karagdagang mga pangangailangan ay dapat isaalang-alang para sa mahinang populasyon. Ang mga lugar ng pagsamba ay kailangan sumunod sa lahat ng [Cal/OSHA](#) na pamatayan at kailangan nakahanda na sumunod sa gabay na ito ay pati na rin ang gabay mula sa [Sentro ng Pagkontrol o Pag-iwas sa Sakit o Centers for Disease Control and Prevention \(CDC\)](#) at ang [Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California o California Department of Public Health \(CDPH\)](#). Bukod dito, ang lugar na pagsamba ay kailangan nakahanda na baguhin ang kanilang pamamahala sa binago na gabay

